DepEd ADVISORY No. **512**, s. 2012
In compliance with DepED Order No. 39, s. 2009
this advisory is issued for the information of DepEd officials and personnel
(visit DepEd website at www.deped.gov.ph)
October 18, 2012

PAMBANSANG PAGSASANAY SA PAGTUTURO NG FILIPINO

Ang Mindanao State University (MSU), Marawi Campus sa pangunguna ng Kagawaran ng Filipino ay magdaraos ng *Pambansang Pagsasanay sa Filipino* na may pangunahing paksang *Pambansang Pagsasanay ng mga Guro sa Filipino sa Tatlong Antas ng Pagkatuto Batay sa Bagong Kurikulum ng Edukasyon (K to 12) Tungo sa Pagpapataas ng Kaalaman sa Napapanahong Isyu at Kalakaran sa Pagtuturo* na gaganapin sa Disyembre 7-9, 2012 sa Lyceum of Iligan Foundation Auditorium, 3rd Floor Corpus Christi, Tubod, Lungsod ng Iligan (Rehiyon X).

Layunin ng Seminar-Worksyap na matulungan ang mga nagtataguyod at nagtuturo ng wikang Filipino sa buong bansa na maibahagi ang mga makabagong kaalaman at kasanayan sa pagtuturo ng Filipino.

Ang mga aanyayahang dadalo ay ang mga kaguruan at nagtuturo ng Filipino sa Mataas na antas ng Edukasyon sa iba't ibang bahagi ng bansa at gayun din inaanyayahan ang lahat ng propesor, puno ng kagawarang Filipino, tagapangulo, pamunuan, dekano ng mga kolehiyo at pamantasan, mag-aaral at sa lahat ng nagnanais dumalo sa seminar-worksyap na ito sapagkat ang pangunahing tatalakayin dito ay may malaking kaugnayan sa ating wikang pambansang Filipino na siyang pangunahing kasangkapan sa ating pag-unlad.

Ang pagdalo ng mga mag-aaral na mula sa pampubliko at pribadong paaralan ay dapat naaayon sa isinasaad na *no-disruption-of-classes policy* na halaw sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa iba pang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

Dr. Myrna L. Calamian
Direktor ng Seminar
Mobile Phone Blg.: 0938-276-9559/0915-350-1633

Prop. Amaceta S. Real
Chairman ng Kagawaran
Mobile Phone Blg.: 0926-296-0135

D-MCR/DA-Pambansang Pagsasanay sa Pagtuturo ng Filipino
1693/Oktubre 15, 2012